# Monkeypox

## 1. Ano ang monkeypox?

Ang monkeypox ay isang bihirang sakit na sanhi ng impeksyon sa monkeypox virus. Hindi ito likas na nagaganap sa Amerika (US). Gayunpaman, maraming kaso ng monkeypox ang naiulat na kamakailan sa ilang bansa na hindi normal na nag-uulat ng monkeypox, kabilang ang LA County.

## 2. Paano kumakalat ang monkeypox?

Kumakalat ang monkeypox kapag ang tao ay nagkaroon ng kontak sa hayop o tao na may virus. Maaari itong kumalat sa pamamagitan ng kontak sa mga likido ng katawan at mga sugat ng monkeypox, mga bagay na kontaminado ng mga likido o sugat (damit, kumot atbp.), sekswal na kontak, o sa pamamagitan ng mga maliliit na patak ng hininga kasunod ng tumagal na harapang (face-to-face) kontak. Ang paghawa [transmission] habang sekswal na nakikipagtalik sa pamamagitan ng balat-sa-balat o iba pang matalik na kontak.

## 3. Ano ang mga palatandaan ng monkeypox?

Ang maagang mga palatandaan ay maaaring kabilangan ng lagnat, karamdaman (isang pangkalahatang pakiramdam ng paghihirap [discomfort]), sakit ng ulo, namamagang mga kulani [lymph nodes], at paminsan-minsan ay ubo o nananakit na lalamunan. Ang iba pang mga sintomas ay maaaring kabilangan ng mga sakit ng kalamnan, sakit ng likod, pagkaginaw, at kapaguran, kasunod ng pagpapantal na karaniwang nagsisimula sa mukha at kumakalat sa iba pang mga bahagi ng katawan. Maaaring magtagal ng dalawa hanggang apat na linggo ang mga impeksyon. At ang ilan ay nagkakaroon lamang ng pantal na may pamamaga o walang pamamaga ng mga kulani [lymph nodes], na maaaring mangyari sa mga bahagi ng ari.

## 4. Paano ito ginagamot?

Sa oras na ito, walang partikular na mga paggamot ang magagamit para sa mga impeksyon ng monkeypox. Maaaring gumamit ng medikasyon para pagaanin ang mga sintomas ng karamdaman. Sa ilang mga kaso, maaaring magbigay ng bakuna para pigilin ang sakit pagkatapos ng mataas na panganib na pagkakalantad sa virus.

## 5. Paano mo mapipigilan ang monkeypox?

Ang mga hakbang para mapigilan ang monkeypox ay kinabibilangan ng:

1. Iwasan ang kontak sa mga materyales, tulad ng kumot at damit, na nagkaroon ng kontak sa may sakit na hayop o taong nahawahan ng virus na ito
2. Iwasan ang kontak sa mga taong may virus o maaaring may sakit dala ng virus
3. Iwasan ang kontak sa mga hayop na maaaring may virus (tulad ng mga hayop na may sakit o natagpuang patay)
4. Hugasan ang mga kamay gamit ang sabon at tubig o gumamit ng sanitizer para sa kamay na naglalaman ng alkohol pagkatapos ng kontak sa mga nahawahang hayop o tao.

Walang partikular na paggamot na aprubado para sa virus na ito, ngunit maaaring magbigay ng medikasyon para pagaanin ang mga sintomas. Gayunpaman, may bakunang magagamit, sa ilalim ng ilang mga sitwasyon, upang mapigilan ang monkeypox sa mga tao batay sa kanilang antas ng pagkakalantad sa virus na ito.



### Mahahalagang Mensahe:

1. Hindi madaling kumakalat ang monkeypox sa bawat tao.
2. Sa kasalukuyan ay walang partikular na paggamot na aprubado para sa impeksyon ng monkeypox virus, ngunit maaaring gamitin ang ilang medikasyon para pagaanin ang mga sintomas.
3. Para tumulong mapigilan ang monkeypox, iwasan ang kontak sa mga hayop o tao na maaaring may virus, iwasan ang kontak sa mga materyales na nagkaroon ng kontak sa may sakit na hayop o tao at magsanay ng mabuting kalinisan ng kamay pagkatapos ng kontak sa mga nahawahang hayop o tao.

### Saan maaaring pumunta ang publiko para sa mas marami pang impormasyon?

**Los Angeles County, Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan**

Monkeypox

publichealth.lacounty.gov/acd/Monkeypox.htm

**Mga Sentro para sa Pagkontrol at Pagpigil sa Sakit**

Monkeypox

cdc.gov/poxvirus/monkeypox/index.html



County of Los Angeles Public Health

# Monkeypox

## 6. Ano na ang nangyayari ngayon sa monkeypox?

Sa kasalukuyan, may pandaigdigang pagsiklab na nagaganap na hindi nauugnay sa mga hayop o paglalakbay sa lugar kung saan mas karaniwan ang sakit na ito. Maraming lugar sa Amerika [US] ang nakapagtukoy na ng mga kaso kabilang ang mga kasong natukoy sa California. Ang Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Los Angeles County ay sumusubaybay sa sitwasyong ito at inaalertuhan ang mga tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan, at ang CDC ay nagsusubaybay sa mga kumpol (clusters) ng mga kaso. Para sa pinaka-kasalukuyang mga pagbabago ng monkeypox sa LA County, mangyaring tingnan ang: ph.lacounty.gov/media/Monkeypox/

## 7. Ano ang dapat kong gawin kung sa tingin ko ay mayroon akong monkeypox?

Mangyaring kontakin ang iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan (healthcare provider) kung naniniwala ka na mayroon kang mga palatandaan o sintomas ng monkeypox.

## 8. Paano ako magpapasuri para sa monkeypox?

Mangyaring kontakin ang iyong tagapagbigay (provider) ng pangangalagang pangkalusugan kung sa tingin mo ikaw ay may impeksyon ng monkeypox virus. Tawagan ang 2-1-1 kung wala kang seguro sa kalusugan o tagapagbigay ng medikal na pangangailangan (medical provider). Maaari mo ring bisitahin ang anumang Klinika ng Sekswal na Kalusugan ng Pampublikong Kalusugan.